


Filipino

Unang Markahan – Modyul 6: Pagkasusunod-sunod ng mga Pangyayari sa Kuwento



**Filipino– Ikaanim na Baitang
Alternative Delivery Mode
Unang Markahan – 6: Pagkasusunod-sunod ng mga Pangyayari sa Kuwento
Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyulna ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

| Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul | | |
|--------------------------------------|----------------------------|---------------------|
| Manunulat: | Amelita L. Bulquerin | |
| Editor: | Lilibeth D. Meliton | Alice B. Maglinte |
| Tagasuri: | Susan J. Quistadio | Ma. Gemma A. Bimbao |
| | Celestino S. Dalumpines IV | |
| Tagaguhit: | Froilan T. Detoga, Jr. | Leo D. Gali |
| | Arkee M. Montegrando | |
| Tagalapat: | Jeson A. Telesforo | |
| Tagapamahala: | Gemma M. Ledesma | |
| | Salvador O. Ochavo, Jr. | |
| | Elena P. Gonzaga | |
| | Donald T. Genine | |
| | Celestino S. Dalumpines IV | |
| | Segundina F. Dollete | |
| | Shirley A. De Juan | |
| | Merlie J. Rubio | |

Inilimbag sa Pilipinas ng _____
Department of Education – Region VI
Office Address: Duran Street, Iloilo City
Telefax: (033) 336-2816 (033) 509-7653
E-mail Address: region6@deped.gov.ph

Filipino

Unang Markahan – Modyul 6: Pagkasusunod-sunod ng mga Pangyayari sa Kuwento

Paunang Salita

Ang Self-Learning Module o SLM ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/ Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung simumang gagabay at tutulong sa pag-aaral at mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang salita upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ang ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang sagot sa bawat Gawain at pagsusulit. Inaasahan naming na maging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumagamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makaranas ng suliranin pag-unawa sa mga aralin at sa paggamit ng SLM na ito.



Alamin

Kumusta? Muli narito ang iyong kaibigang si Kokoy na makakasama mo sa iyong paglalakbay. Nasasabik ka na ba sa ating bagong aralin? Ngayon ay magpapatuloy tayo sa ating paglalakbay.

Alam kong handang-handa ka na sa ikaanim na modyul at tiyak kong marami ka nang natutuhan sa mga modyul na pinag-aralan nitong mga nakaraang araw. Tiyak na mawiwili ka sa pagsagot sa mga gawaing inihanda ko dito.



Ang modyul na ito ay sadyang binuo para sa iyo upang maunawaan ang pinakamahalagang kasanayan sa pampagkatuto na:

- Napagsunod-sunod ang mga pangyayari sa kuwento sa tulong ng nakalarawang balangkas at pamatnubay na tanong **F6PB-Ib-5.4 F6RC-Iie-5.2**

Madalas nagkukuwento tayo ng mga pangyayaring naranasan o nasaksihan subalit kung minsan hindi malinaw ang paghahatid natin ng mensahe dahil na rin sa kakulangan ng mga detalye. May mga pagkakataon din na napaghahalo-halo natin ang mga pangyayari kung kaya't nakalilito at hindi maintindihan.

Alam mo ba na ang bawat kuwento ay binubuo ng mga sunod-sunod na pangyayari: simula, gitna, at wakas. May kanya-kanya ring estilo ang mga manunulat sa pagkukuwento. Minsan ay pabalik na nagsisimula sa gitna, patungo sa simula o tinatawag na *flashback*.

Ang pagsusunod-sunod ay naglalayon ding ipabatid sa mga mambabasa ang isang paksa sa pamamagitan ng paglalahad ng mga impormasyon sa pamamaraang (a) sekvensyal, (b) kronolohikal at (c) prosidyural. Sinasagot din nito ang mga tanong na papaano, gaya halimbawa ng: *paano nagsimula, nadebelop at nagtapos ang mga pangyayari? Paano isinagawa ang proseso ng paggawa? Papaano ang pagkakabalangkas?* Malinaw na naipapakita sa mga tekstong ito ang mga pangyayari, kaparaanan, kasaysayan mula sa simula hanggang sa wakas.

Ang mga sumusunod ay ang mga panandang ginagamit sa hulwarang pagsusunod-sunod: *una, sa simula, noon, samantala, saka, maya-maya, hanggang, huli, nang magkaganon, pagkatapos.*



Subukin

Magandang araw muli sa iyo kaibigan! Sana ay nasa maayos ang pakiramdam mo ngayon at handa ka na sa una nating gawain. Huwag kang mag-alala dahil naririto naman ako na nakahandang gumabay sa iyo. Sundin mo lang ang aking mga panuto at gawaing ipagagawa.

Basahin ang kuwentong Payak na Pangarap. Simulan na natin!



Payak na Pangarap

Naniniwala sina Mang Nilo at Aling Mildred na ang pagkakaroon ng edukasyon ang tanging paraan upang makamit ang magandang kinabukasan. Kaya, higit silang nagsusumikap upang mapagpapatapos sa kolehiyo ng kanilang nag-iisang anak.

“Gigising tayo ng maaga bukas upang makabalik sa bukid.” Ang sabi ni Mang Nilo. “Walang problema”, sagot ni Aling Mildred.

Maagang gumising ang mag-asawa upang magtungo sa kanilang bukirin. Ngunit bago umalis ng bahay, nagkakape muna sila habang, naghahanda ng almusal na babauin.

Sino – sino ang mag-asawa?

Ano –ano ang kanilang ginagawa bago pumunta sa bukid?

Bago pa man magliwanag ay nasa sakahan na ang mag-asawa, nagbubungkal ng lupa at nagtatanim, nagdadamo at naglalagay ng pataba sa mga tanim nilang gulay na siyang pinagkakaikitaan ng mag-anak.

Bakit maaga pang pumupunta sa sakahan ang mag-asawa?

Ganoon at ganoon na lamang ang ginagawa ng mag-asawa hanggang sa maani na nila ang kanilang mga pananim na ibenibenta nila upang may maipabaon sa kanilang nag-iisang anak na si Amy.

Paano kumikita ang mag-asawa?

Pagkatapos ng ilang taon, napagtapos din ng mag-asawa ang kanilang anak sa kolehiyo sa kursong komersiyo na di nagtagal ay nakapagtrabaho sa bangko sa kanilang bayan.

Ano ang nararamdaman mo sa kinalabasan ng kuwento?

Naunawaan mo ba ang kuwento?
Tingnan natin. Simulan mo na ang unang
gawain.



Panuto: Lagyan ng bilang **1** hanggang **10** ang linya upang mapagsunod-sunod ang mga pangyayari sa kuwento. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

- _____ A. May mag-asawang nagngangalang Mang Nilo at Aling Mildred.
- _____ B. Nagbubungkal at nagtatanim sila ng mga gulay.
- _____ C. Nagdadamo rin sila ng kanilang mga tanim
- _____ D. Ibinebenta nila ang mga gulay upang kumita ng pera.
- _____ E. Nakapagtrabaho ang anak ng mag-asawa sa bangko sa kanilang bayan.
- _____ F. Ipinababaon nila sa anak ang kinitang pera
- _____ G. Nakapagtapos din ng pag-aaral ang kanilang anak.
- _____ H. Nagkakape muna ang mag-asawa bago umalis ng bahay.
- _____ I. Naghahanda rin sila ng almusal na babaunin sa bukid.
- _____ J. Pinipitas nila ang mga tanim na gulay.

Aralin

1

Pagkasusunod-sunod ng mga Pangyayari sa Kuwento

Halina't muli nating balikan ang akdang Payak na Pangarap.

Sa araling ito ay matututuhan mo ang wastong pagkasusunod-sunod ng mga pangyayari sa kuwento sa tulong ng mga larawan.



Balikan

Panuto: Lagyan ng bilang **1** hanggang **5** ang linya upang mapagsunod-sunod ang mga pangyayari sa kuwento sa tulong ng mga larawan.

A.



B.



C.



D.



E.



Tuklasin

Mahusay! Matagumpay mong naisagawa ang unang gawain. Magpatuloy ka lang at magagawa mo pang madagdagan ang iyong kaalaman.

Ngayon, tunghayan naman natin ang kuwento sa buhay ni Bobot Mahivain

Si Bobot na Mahiyain

May isang binatilyong nagngangalang Bobot na nakatira sa malayong probinsiya. Siya ay masipag sa gawaing bukid, maging sa gawaing bahay. Bihira siyang lumabas dahil siya ay mahiyain.

Isang araw habang nakahiga sa ilalim ng puno ng mangga pagkatapos mag-araro ay may narinig siyang nagtatawanan. Tawanan iyon ng magpipinsan. “Bobot si Mabel nga pala pinsan naming kararating lang mula Maynila”, wika ni Dan na kaibigan nito. “Ha a, e, e”, tamiming sagot ni Bobot kay Dan. “Naku ikaw talaga Bobot sobrang pagkamahiyain”, sabi naman ni Ace na pinsan pa nila.

Mula noon hindi na mapakali si Bobot. Maaga pa itong bumabangon upang magdilig ng mga halaman ng kaniyang ina. “Anong nakain at parang napaaga ang gising?, tanong ng nanay ni Bobot. “Ha a e, e”, tamimi uli na sagot ni Bobot sa ina.

Kinahapunan, kahit marami pa silang panggatong na kahoy, nagsibak pa rin si Bobot. “Masyado ka yatang masipag anak”, pansin uli ng nanay ni Bobot. May nangyari bang maganda?, dugtong pa nito. “Ha a, e, e”, sagot uli ni Bobot sa ina. “Hay naku! anak sobra mo talagang mahiyain”, dugtong pa ng ina nito.

Minsan dumaan si Mabel sa kanilang bahay, tanaw siya ni Bobot mula bintana. “Ang ganda talaga ni Mabel”, bulong sa sarili habang kinikilig. “Ano ang sinabi mo Bobot? Maganda sino? A, iyong bagong bakasyon na dalaga, kaya pala nag-iba ang mga kilos mo puno ng sigla may panunusuan ka na pala”, nabirong sinabi ng ina. “Ha a e, e” inay naman




Handa ka na bang sagutin ang mga tanong matapos basahin ang kuwento? Tara na, sagutin mo na!

Sagutin ang sumunod na tanong at isulat sa sagutang papel.

1. Tungkol saan ang kuwento?
2. Bakit kilalang-kilala si Bobot? Ano-ano ang kaniyang mga katangian?
3. Sino ang magandang dalagang kaniyang nagustuhan?
4. Paano ipinaabot ni Bobot ang kaniyang paghanga sa dalaga?

Panuto: **Lagyan** ng bilang **1** hanggang **4** ang linya upang mapagsusunod-sunod ang mga pangyayari sa kuwento sa tulong ng mga larawan.





Suriin

Wow! Ang galing mo. Alam mo ba na naisaayos mo ang mga larawan ayon sa wastong pagkasusunod-sunod ng mga pangyayari sa kuwento. Napakahusay mo!

Tara! Ipagpatuloy na natin ang ating paglalakbay. Sa puntong ito, tatalakayin natin ang mga dapat isaalang-alang upang mapagsusunod-sunod ang mga pangyayari sa kuwento.

Halika, alamin natin!

Ating Alamin:

Ano ang dapat isaalang-alang upang mapagsusunod-sunod ang mga pangyayari sa kuwento?

1. Dapat isaalang-alang upang mapagsusunod-sunod ang mga pangyayari sa kuwento ang:
 - pamatnubay na tanong; at
 - nakalarawang balangkas
2. Ang balangkas ay ang tamang pagkahanay-hanay ng mga salita. Kadalasan ito'y ginagamit sa pagsusulat ng mga akda. Karaniwang makikita ito sa mga pahayag, teksto at mga kuwentong babasahin. Idiniriin din ang paggamit ng balangkas sa mga pangunahing ideya na madaling maiintindihan ng mga mambabasa. Sa Ingles ay tinatawag na *outline*. Kagaya ng:

I. Pamagat:

II. Mga Tauhan sa Kuwento:

III. Mga Pangyayari:

Panuto: Punan ng tamang sagot ang balangkas sa ibaba batay sa pangyayari sa buhay ni Bobot na Mahiyain. **Isulat** ang sagot sa iyong sagutang papel.


I. Pamagat:

II. Mga Tauhan:

III. Mga Pangyayari:



Ngayong alam mo na ang mga dapat isaalang-alang sa upang mapagsunod-sunod ang mga pangyayari sa kuwento, subukan mong sagutin ang kasunod na gawain.



Pagyamanin

Mahusay kaibigan! Batid kong marami kang natututuhan tungkol sa pagsusunod-sunod ng mga pangyayari sa kuwento. Upang mailapat ang natutuhan mo, subukin mong sagutin ang mga nahanay na gawain.



Gawain 1

Basahin at unawain ang teksto at sagutin ang kasunod na mga tanong. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

Ang Lamayo

Ang pamilya ni Aling Adela ay kilala sa paggawa ng lamayo sa kanilang lugar. Maaga pa lamang ay nasa laot na ang kaniyang asawa upang manghuli ng alamang sa dagat at dinadala sa kanilang bahay. Ito'y hinuhugasan at ibinibilad sa araw, tinutulungan ni Aling Adela ang kaniyang asawa sa pagbibilad ng alamang. Kapag tuyo na ito, nilalagyan nila ito ng asin, inaalisan ng mga munting dumi at minamasa hanggang sa maging lamayo. Pagkatapos ay ipinapasok ito sa malinis na lalagyan tulad ng *plastic* at sako at saka ibinibenta ito ng por kilo.

Tulong-tulong ang mag-asawa kasama ang kanilang mga anak sa paggawa nito. Ang kanilang lamayo ay talagang napakasarap sapagkat marami silang mga suki sa kanilang lugar.

Ang paggawa ng lamayo ang isa sa ikinabubuhay ng pamilya ni Aling Adela. Masayang-masaya silang magpamilya kapag malaki ang kanilang kinikita mula sa pagbibenta ng lamayo dahil malaki ang naitutulong nito sa pag-aaral ng kanilang mga anak at sa mga gastusin nila sa pang-araw-araw na pangangailangan.

Sarilina katha ni Amelita L. Bulauerin

Lagyan ng titik A hanggang E ang patlang bago ang bilang ayon sa wastong pagkasusunod-sunod ng mga pangyayari sa kuwento.

- _____ 1. Ang paggawa ng lamayo ang isa sa ikinabubuhay ng pamilya ni Aling Adela.
- _____ 2. Tulong-tulong ang mag-asawa kasama ang kanilang mga anak sa paggawa nito.
- _____ 3. Kapag tuyo na ito, nilalagyan nila ng asin, inaalisan ng dumi at minamasa hanggang sa maging lamayo.
- _____ 4. Ang pamilya ni Aling Adela ay kilala sa paggawa ng lamayo sa kanilang lugar.
- _____ 5. Masayang-masaya silang magpamilya kapag malaki ang kanilang kinikita mula sa pagbibenta ng lamayo dahil malaki ang naitutulong nito sa pag-aaral ng kanilang mga anak at sa mga gastusin nila sa pang-araw-araw na pangangailangan.

Gawain 2

Basahin ang talata at sagutin ang kasunod na gawain

Si Alas at Si Cassie

May ipinapagawang ulat ang guro ni Alas sa Filipino. Ito ay ang pagpapasalaysay kung paano nila inaalagaan ang kanilang alaga hayop.

Patakbang karga ni Alas si Cassie na isang aso na ibinigay ng kaniyang Tita Tina. Pinapakain niya ito at pinaiinom ng tubig sa umaga, tanghali at gabi. Sa tuwing araw ng Sabado, pinaliluguan din niya ang kaniyang alaga, pinatutuyo ang balahibo at sinusuklay. Regular din niyang dinadala sa doktor ng mga hayop ang alaga upang matiyak ang kalusugan nito.

Sariling Katha: Lilibeth D. Meliton

Punan at isulat mo!

Panuto: **Punan** ng tamang sagot ang balangkas sa ibaba batay sa kuwentong nabasa. **Isulat** ang sagot sa iyong sagutang papel.

I. Pamagat:

II. Mga Tauhan:


III. Mga Pangyayari:

Kung naunawaan ang kuwento, mapagsusunod-sunod mo ba ang mga pangyayari? Kung handa ka na ay ipagpatuloy mo ang kasunod na gawain.



Gawain 3. Isaayos mong muli.

Panuto: **Lagyan** ng bilang **1** hanggang **5** ang kahon upang mapagsunod-sunod ang mga pangyayari sa kuwento sa tulong ng mga larawan.





Isaisip

Binabati kita dahil matagumpay mong naisagawa ang mga naunang gawain sa modyul na ito. Sa bahaging ito, sasagutin mo ang sumusunod na kahilingan upang mailahad ang iyong natutuhan sa modyul.



A. Punan ang sumusunod na talahanayan.

| Ano ang iyong mga natutuhan? | Gaano ito kahalaga? |
|------------------------------|---------------------|
| | |
| | |
| | |
| | |

B. Kompletuhin ang sumusunod:

Mahalagang matutuhan ang wastong pagkasusunod-sunod ng mga pangyayari

upang _____



Isagawa


Takdang-aralin

Si Miguel ay isang mag-aaral sa Paaralang Elementarya ng Bantigue. Siya ay nasa ikaapat na baitang. Matalino at masunuring bata si Miguel kaya lagi siyang napagbilinan ng kaniyang guro na mamahala sa kanilang klase. Kapag maaga siyang makarating sa paaralan ay pinapabasa niya ang kaniyang mga kaklase. Isang araw, nagkaroon sila ng takdang-aralin tungkol sa wastong paraan ng paghuhugas ng kamay. Ipinapatala ito ng kanilang guro sa kanilang kuwaderno.

Kung ikaw si Miguel, paano mo huhugasan ang iyong kamay?

Lagyan ng bilang **1** hanggang **6** ang kahon upang mapagsunod-sunod ang tamang paghuhugas ng kamay sa tulong ng mga larawan.


A.




B.




C.



D.



E.



F.



Tayahin

Hayan at natapos mo na ang mga gawain upang mahasa ang iyong kakayahan sa nakapagsusunod-sunod ng mga pangyayari sa kuwento sa tulong ng nakalarawang balangkas at patnubay na tanong. Sige, hinga muna nang malalim. Tiyak na handa ka na para sa isang pagtataya.



Basahin at unawain ang teksto at sagutin ang kasunod na mga tanong.

Pamalaye

Sa bayan ng Panay ay may magandang dilag na nagngangalang Mira. Maraming binatang nanligaw sa kaniya dahil bukod sa maganda na, napakabait at napakatalino pa. Sa mga binatang nagpapansin dito, may isang namumukod tanging nakakuha ng pansin ng dalaga at siya ay si Lucas. Si Lucas ay isang binatang simple ngunit napakasipag at may ginintuang puso at dahil sa katangian niyang ito, naibigan siya ng nasabing dilag. Mula noon, ay nagmahalan ang dalawa at nangako sa isa't isa na walang iwanan.

Hindi nagtagal napagdesisyunan nilang mag-isang dibdib. Ngunit bago ang kasalan may tradisyon sa Panay na sinusunod at ito ay ang **Pamalaye**.

Ang pamalaye ay isang kaugalian na kung saan bago ang kasalan, ang binata ay pumupunta sa bahay ng kaniyang mapapangasawa kasama ang kaniyang pamilya. Dito pinag-uusapan ang pagtatakda ng kasal at iba pang bagay na kakailanganin. Pagkatapos magkasundo ang dalawang panig ay may salo-salo na nagaganap.

Kaya't si Lucas ay hindi na nagpatumpik-tumpik pa. Dinala niya ang kaniyang pamilya sa bahay nina Mira. Nagdala rin sila ng mga pagkain. Dahil sa mahal na mahal nila ang isa't isa at hindi sila mapaghihiwalay, nagkasundo ang mga magulang nila na sila'y ipakasal na.

Hindi naglaon, sina Mira at Lucas ay ikinasal sa isang simpleng okasyon ngunit naging masaya at makahulugan dahil kasama nila ang kani-kanilang mga pamilya at mga malalapit na kaanak at mga kaibigan.


Sariling Katha: Amelita L. Bulquerin

A. Lagyan ng bilang **1** hanggang **5** ang kahon upang mapagsusunod-sunod ang mga pangyayari sa binasang kuwento sa tulong ng mga larawan.

A.




B.




C.



D.



E.






Sagutin ang sumusunod na tanong at isulat sa sagutang papel.

1. Tungkol saan ang tekstong binasa?
2. Ano ang tradisyon sa Panay ang kanilang sinusunod?
3. Kung ikaw ang nasa katayuan ni Lucas, susundin mo ba ang tradisyon ng inyong lugar? Ipaliwanag.
4. Paano mo maipapakita sa isang tao ang iyong tunay na pagmamahal para sa kaniya?

B. Gumawa ng balangkas batay sa kuwentong Pamalaye

- I. Pamagat: _____
- II. Mga Tauhan: _____
- III. Mga Pangyayari: _____

Naibigay mo ba ang tamang pagkasusunod-sunod ng mga pangyayari sa kuwento? Wala kang kupas, ang galing mo talaga!



Karagdagang Gawain

Iyong nabasa sa kuwento ni Bobot na Mahiyain kung paano niya tinutulungan ang kaniyang magulang sa gawain sa bukirin at gawaing bahay. Bilang isang batang tulad mo, matutulungan mo rin ang iyong ina sa panahon ng pandemya sa pamamagitan ng pagtulong sa mga gawaing bahay. Al kung ikaw ang nakatatandang anak sa pamilya, maaaring matulungan mo ang iyong ina sa pag-aalaga ng iyong mga kapatid. Ano kaya ang gagawin mo kung magtitimpla ka ng gatas? Sige nga ilahad sa ibaba ang tamang pagkasusunod-sunod o paraan sa pagtitimpla ng gatas.

Mga hakbang sa pagtimpla ng gatas

1. _____
2. _____
3. _____
4. _____

Binabati kita kaibigan! Napakagaling mo! Natapos at napagtagumpayan mo ang aralin. Sana'y naiwan sa iyong isipan ang lahat ng mga napag-aralan natin sa pagsunod-sunod ang mga pangyayari sa kuwento sa tulong ng nakalarawang balangkas at pamatnubay na tanong. Bagaman tapos na tayo sa araling ito. Ihandang muli ang iyong sarili sa panibago na namang aralin, ang **Modyul 7: Pagbibigay ng Hinuha sa Kalalabasan ng Pangyayari Bago, Habang at Matapos ang Pagbasa**



Susi sa Pagwawasto

SUBUKIN

| | |
|---|----|
| A | 1 |
| B | 4 |
| C | 5 |
| D | 7 |
| E | 10 |
| F | 8 |
| G | 9 |
| H | 2 |
| I | 3 |
| J | 6 |

BALIKAN

| | |
|---|---|
| A | 5 |
| B | 4 |
| C | 3 |
| D | 2 |
| E | 1 |

TUKLASIN

| | |
|----|--|
| A | 1. Ang kuwento ay tungkol kay Juan |
| | 2. Kilalang-kilala si Juan dahil sa kanyang katamaran. Siya ay tamad |
| | 3. Si Ludy |
| | 4. Nagkagusto siya ka Ludy |
| B. | |
| A | 4 |
| B. | 2 |
| C. | 1 |
| D. | 3 |

Ang pangunusap ay maaaring magkaiba-iba

PAGYAMANIN

Gawain 1

| | |
|------|------|
| A. 2 | B. 5 |
| B. 1 | C. 1 |
| C. 5 | D. 4 |
| D. 4 | E. 3 |
| E. 3 | |

Gawain 2

| | |
|------|------|
| A. 2 | B. 5 |
| B. 1 | C. 1 |
| C. 5 | D. 4 |
| D. 4 | E. 3 |
| E. 3 | |

1. Si Alas at Si Cassie

2. Alas

3--4 ang sagot ay nakadepende sa

ISAGAWA

| | |
|------|------|
| A. 2 | B. 1 |
| B. 1 | C. 4 |
| C. 4 | D. 5 |
| D. 5 | E. 6 |
| E. 6 | F. 3 |
| F. 3 | |

ISAISIP

A.

1. tungkol sa wastong pagkasusunod-sunod ng mga pangyayari sa pamamagitan ng pagtataguyod sa pamatnubay na tanong at nakalarawang balangkas. Ito ay mahalaga upang gabayan ka sa wastong pagkasusunod-sunod ng mga pangyayari

SURIIN

1. Nang Umibig si Juan tamad

2. Juan, Judy, Ina ni Juan

3-4 ang sagot ay naka-depende sa mag-aaral

Sanggunian

- *Most Essential Learning Competencies MELCs 2020 F6PB-Ib-5.4 F6RC-IIe-5.2*
- *Filipino- K to 12 Gabay Pangkurikulum, 2016*
- *Sariing Katha*

Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph